# Ang Paninikluhod Yugto 4

Tayo'y magpapatuloy na salitain ang paksa ng paninikluhod para sumamba sa Diyos at ang estilo ng pamumuhay na nais ng Diyos na sundin natin sa ating buhay nang naayon sa katuruan ng Salita ng Diyos:

14- "4 Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: 5 Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin;" (Exodu 20:4-5)

Ito ang kautusan ng Panginoon sa Kanyang bayan nang inilabas Niya sila sa Egipto upang dalhin sila paloob at ibigay sa kanila ang Lupang Pangako. Paulit ulit na binanggit sa kanila na huwag yumukod at sumamba sa ibang diyos. Muli't mulit na ipinapaala sa atin ng Diyos nang paulit ulit na lumayo mula sa mga kasalanan at mula sa dios diosan ng mundong ito; at huwag tayong makiayon sa huwaran sa sanglibutang ito kundi pagbaguhin ang ating pagiisip ng Salita ng Diyos upang malaman natin ang mabuti at ganap sa buong kalooban ng Diyos, "At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:12)

"23 Sapagka't ang aking anghel ay magpapauna sa iyo at dadalhin ka sa Amorrheo, at sa Hetheo at sa Perezeo, at sa Cananeo, at sa Heveo, at sa Jebuseo, at aking lilipulin.24 Huwag kang yuyukod sa kanilang mga dios, o maglilingkod man sa mga yaon, o gagawa man ng ayon sa kanilang mga gawa, kundi iyong iwawaksi at iyong pagpuputulputulin ang kanilang mga haligi na pinakaalaala.25 At inyong paglilingkuran ang Panginoon ninyong Dios, at kaniyang babasbasan ang iyong tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna mo.26 Walang babaing makukunan, o magiging baog man, sa iyong lupain: ang bilang ng iyong mga araw ay aking lulubusin." (Exodu 23:23-26) Hiniling sa kanila ni Diyos na maglingkod sa Kanya at huwag maglingkod sa ibang diyos upang ang kanyang mga pagpapala ay mapasa kanilang pagkain at tubig at iyon ang magtatanggal sa mga karamdaman at mga pagkalaglag at pagkabaog mula sa kanila. Sa parehong paraan ngayon kailangang iwaksi natin ang pagsamba sa mga dios diosan at itapon ang mga kasalanan at dayuhang mga dios mula sa ating buhay upang ang Kanyang mga biyaya ay magpatuloy na dumaloy sa ating mga pagkain at inumin at dadaloy sa ating pamilya at ang mga karamdaman, mga pagkabaog, mga pagkalaglag at ang mga sumpa lumayo sa atin.

Sinabi ng Diyos sa kanila na ipapadala Niya ang Kanyang mga anghel na mauuna sa kanila upang ihanda ang daan at lipulin ang mga bansa sa harapan nila, "23 Sapagka't ang aking anghel ay magpapauna sa iyo at dadalhin ka sa Amorrheo, at sa Hetheo at sa Perezeo, at sa Cananeo, at sa Heveo, at sa Jebuseo, at aking lilipulin." (Exodu 23:23) Sa parehong paraan kapag tayo'y sumamba sa Diyos at maglingkod sa Kanya at manikluhod sa Kanya lamang, ang Diyos ay mauuna sa atin, paglilingkuran tayo ng Kanyang mga anghel at makikipaglaban para sa atin at ang pangungunahan tayo ng Kanyang Banal na Espiritu, ang ating mga kaaway ay itataboy sa harapan natin at ang Diyos ang magsasaayos sa atin at pagpapalain tayo ng kapayaan at masaganang panustos.

"35 Na siyang pinakipagtipanan ng Panginoon, at pinagbilinan na sinasabi, Kayo'y huwag mangatatakot sa ibang mga dios, o nagsisiyukod man sa kanila, o magsisipaglingkod man sa kanila, o magsisipaghain man sa kanila:" (2 Hari 17:35) Ito din ay maiisalapat sa ganitong paraan: Ang Panginoon dito ay iniutos sa kanila na huwag matakot sa ibang mga diyos: na ibig sabhin na huwag matakot na salungatin sila: na huwag magsiyukod sa kanila na ibig sabihin na huwag magpasailalim sa kanilang mga katuruan at doktrina at sundan ang kanilang mga isinasagawa: na huwag maglingkod sa kanila na ibig sabihin na ilaan ang iyong panahon at buhay at iyong pagsisikap sa kanila: at huwag magsipaghain sa kanila ng mga handog na ibig sabihin na huwag ilaan sa kanila ang iyong mga pinagkukunan kasama ang pananalapi, gumawa ng salu salo para sa kanila, at gawin ang iyong sarili na nakatali sa kanila.

Ano ang mga dios diosan at ang mga kasalanan na kailangang ipaalala sa atin upang iwasan at magsisi mula sa mga sumusunod:

A. Pagnanasa at immoralidad; pagkakaroon ng katipang lalaki at katipang babae, pagsasama, panliligaw, panonoood ng ponograpiya, pagsasama ng hindi kasal, paghihiwalay, at pag-aasawang muli, pangangalunya, maramihang pag-aasawa at wala sa batas nap ag-aasawa sa pag-aasawa sa hindi mananampalataya, at pagtanggap sa isang solong ama o isang solong ina na magpakasal sa iba maliban sa ina o ama ng kanyang anak o mga anak.

B. Pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga dios diosan; pagdiriwang ng Bagong tao at Pasko ng may Santa Claus, Christmas tree, pagdiriwang ng kapanganakan, anibersaryo ng kasal at anibersaryo ng kamatayan, pagdiriwang ng Araw ng Ama at Araw ng Ina, Halloween (Pagaani), Araw ng lahat ng mga banal. Araw ng Valentino, Buwan ng mga Pastor, at Salo salo ng pamamaalam. Ang lahat ng mga pagdiriwang na ito ay dapat mawala as ating buhay. At maaring ka pang magdagdag sa listahan, sapagkat sa halos ng bawat kultura at etniko ng pangkat ay may idinadagdag na ilang mga dios diosan at mga araw para sa pagdiriwang ng walang alinmang Biblikal na dahilan, sa buhay ng simbahan.

C. Pagmamalaki, pagmamayabang at pagpapakitang gilas.

D. Kasakiman, pangiimbot at pagibig sa salapi.

E. Pagsasayang at paggastos ng higit,

F. Katakawan, pagkain ng marami, pagibig sa pagkain ng higit sa Diyos, pagbili ng pagkain mula sa restawrant, pagibig sa mga kapistahan, at pagdiriwang ngunit tumatanging mag-ayuno.

G. Kamunduan, pagsasayang ng oras sa TV, You-Tube, at facebook, etc.

H. Paninirang-puri, kasamaan, paninibugho, pagseselos, pagkakaroon ng sama ng loob, galit, poot, at walang pagpapatawad, pagmamalaki, pagpapakitang gilas, katamaran, pagkakampante, kakulangan ng pangako sa Diyos, at paglilingkod sa makamundong mga bagay ngunit ayaw maglingkod sa Diyos.

I. Homosexualidad, pagpapahintulot sa isang ugnayan sa pagitan ng lalaki sa kapwa lalaki, sa babae sa kapwa babae, pagkukunsinti sa transgender at homosexual na paguugali at mga pagkilos at pagpapahintulot sa homosexual na pagaasawa.

“36 Kundi ang Panginoon, na nagahon sa inyo mula sa lupain ng Egipto na may dakilang kapangyarihan at may unat na kamay, siya ninyong katatakutan, at sa kaniya kayo magsisiyukod, at sa kaniya kayo magsisipaghain.37 At ang mga palatuntunan, at ang mga ayos, at ang kautusan, at ang utos na kaniyang sinulat para sa inyo ay inyong isasagawa magpakailan man; at kayo'y huwag mangatatakot sa ibang mga dios;38 At ang tipan na aking ipinakipagtipan sa inyo, huwag ninyong kalilimutan; ni mangatatakot man kayo sa ibang mga dios:39 Nguni't sa Panginoon ninyong Dios ay mangatatakot kayo; at kaniyang ililigtas kayo sa kamay ng lahat ninyong mga kaaway.” (2 Hari 17:36-39) Sa ganito kailangan mong maunawaan na kailangan mong matakot kay Jesus lamang, sambahin Siya at paglingkuran Siya, iaalay ang iyong buhay, ang iyong katawan at ang iyong mga pinagkukunan sa Kanya lamang, at sumunod sa Kanyang Salita at sa Kanyang doktrina at sa Kanyang katuruan lamang. Sapagkat Siya ang lamang ang iisa na magbibigay ng buhay na walang hanggan sa pagbibigay sa iyo ng Kanyang buhay at kinuha ang iyong mga kasalanan mula sa iyo, at ikaw ay iniligtas mula sa iyong mga kaaway, kay Satanas, kasalanan, karamdaman, at kamatayan.

Ibinigay ng Diyos ang Lupang Pangako sa mga Israelita at tinupad sa kanila ang lahat ng Kanyang mga pangako sa kanila ngunit ang bayan ng Israel ay nabigong tumalima sa kautusan ng Panginoon, “33 Sila'y nangatakot sa Panginoon, at nagsipaglingkod sa kanilang sariling mga dios, ayon sa paraan ng mga bansa na kinadalhang bihag nila,34 Hanggang sa araw na ito ay ginagawa nila ang ayon sa mga dating paraan: sila'y hindi nangatatakot sa Panginoon, o nagsisigawa man ng ayon sa kanilang mga palatuntunan, o ayon sa kanilang mga ayos, o ayon sa kautusan, o ayon sa utos na iniutos ng Panginoon sa mga anak ni Jacob, na kaniyang pinanganlang Israel,40 Gayon ma'y hindi nila dininig, kundi kanilang ginawa ang ayon sa kanilang dating paraan.41 Sa gayo'y ang mga bansang ito ay nangatakot sa Panginoon, at nagsipaglingkod sa kanilang mga larawang inanyuan; ang kanilang mga anak ay gayon din, at ang mga anak ng kanilang mga anak, kung ano ang ginawa ng kanilang mga magulang ay gayon ang ginawa nila hanggang sa araw na ito.” (2 Hari 17:33-34, 40-41) Sila’y may kalahating puso, sila’y sumunod sa Diyos, ngunit iniingatan nila ang kanilang mga dios diosan gaya ng ating nabanggit sa listahan sa itaas. Kaya itinulak sila palabas ng Diyos sa Kanyang presensya. Huwag mag kalahating puso kundi sumunod sa Diyos ng buong puso. Kapag ikaw ay hindi nakinig sa Diyos at nagpatuloy sa iyong mga dios diosan at sa iyong buhay ng kasalanan, ikaw ay itutulak ng Panginoon palabas mula sa Kanyang presensya at makikita mo ang iyong sarili na nahuhulog sa malaking kaguluhan, mga pagkaalipin, suliranin sa pananalapi, ang mga kaaway ay lulukso sa iyong isip at iba pa na may miserableng buhay dahil ikaw ay lumayo mula sa Diyos patungo sa iyong mga dios diosan; “6 Nang ikasiyam na taon ni Oseas, sinakop ng hari sa Asiria ang Samaria, at dinala ang Israel sa Asiria, at inilagay sila sa Hala, at sa Habor, sa ilog ng Gozan, at sa mga bayan ng mga Medo.7 At nagkagayon, sapagka't ang mga anak ni Israel ay nangagkasala laban sa Panginoon nilang Dios, na siyang nagahon sa kanila mula sa lupain ng Egipto, mula sa kamay ni Faraon na hari sa Egipto, at sila'y natakot sa ibang mga dios.8 At lumakad sa mga palatuntunan ng mga bansa, na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel, at ng mga hari ng Israel, na kanilang ginawa.” (2 Hari 17:6-8) Kinuha sila ng Diyos mula sa Lupang Pangako na ibinigay sa knila at dinala sila sa pagkabihag, pagkabilanggo, at mga itinapon sa ibang lupain. Gagawin ng Diyos ang kapareho na iniwan ang Diyos at gagawin silang dumaan sa mga digmaan, mga kalamidad, at igagapos sila sa miserableng sitwasyon sapagkat kinalimutan nila ang Diyos at kinalimutan ang kanilang tinanggap mula sa Kanya at kinalimutan ang kanilang ipinangako sa Kanya upang gawin at ang kanilang mga panata, kanilang tipan sa Kanya at ang kanilang unang pagibig.

Gayunpaman sa parehong panahon na hinatulan ng Diyos ang hilagang Kaharian, Kaharian ng Juda na may higit na takot sa Panginoon. Pinangunahan ni Ezechias ang pagkabuhay ng Diyos: “1 Si Ezechias ay nagpasimulang maghari nang siya'y dalawangpu't limang taon: at siya'y naghari na dalawangpu't siyam na taon sa Jerusalem, at ang pangalan ng kaniyang ina ay Abia na anak ni Zacharias.2 At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, ayon sa lahat na ginawa ni David na kaniyang magulang.3 Siya'y nagbukas sa unang taon ng kaniyang paghahari, na unang buwan, ng mga pinto ng bahay ng Panginoon, at mga hinusay.4 At kaniyang ipinasok ang mga saserdote at mga Levita, at pinisan sila sa maluwang na dako sa silanganan.5At sinabi sa kanila, Dinggin ninyo ako, ninyong mga Levita; ngayo'y mangagpakabanal kayo, at italaga ninyo ang bahay ng Panginoon, ang Dios ng inyong mga magulang, at ilabas ninyo ang dumi mula sa dakong banal.6 Sapagka't ang ating mga magulang ay nagsisalangsang, at nagsigawa ng masama sa paningin ng Panginoon nating Dios, at pinabayaan siya, at itinalikod ang kanilang mga mukha sa tahanan ng Panginoon, at nagsitalikod.7 Kanila ring isinara ang mga pinto ng portiko, at pinatay ang mga ilawan, at hindi nagsipagsunog ng kamangyan ni nagsipaghandog man ng mga handog na susunugin sa dakong banal sa Dios ng Israel.8 Kaya't ang pagiinit ng Panginoon ay dumating sa Juda at Jerusalem, at ibinigay niya sila upang hamakin saa't saan man, upang maging katigilan, at kasutsutan, gaya ng inyong nakikita ng inyong mga mata.9 Sapagka't narito, ang ating mga magulang ay nangabuwal sa pamamagitan ng tabak, at ang ating mga anak na lalake at babae at ang ating mga asawa ay nangasa pagkabihag dahil dito.10 Nasa akin ngang puso na makipagtipan sa Panginoon, sa Dios ng Israel, upang ang kaniyang malaking galit ay maalis sa atin.11 Mga anak ko, huwag kayong mangagpabaya: sapagka't pinili kayo ng Panginoon upang magsitayo sa harap niya, upang magsipangasiwa sa kaniya, at kayo'y maging kaniyang mga tagapangasiwa, at mangagsunog kayo ng kamangyan.12 Nang magkagayo'y nagsitindig ang mga Levita, si Mahath na anak ni Amasai, at si Joel na anak ni Azarias sa mga anak ng mga Coathita: at sa mga anak ni Merari, si Cis na anak ni Abdi, at si Azarias na anak ni Jehaleleel: at sa mga Gersonita, si Joah na anak ni Zimma, at si Eden

na anak ni Joah:13 At sa mga anak ni Elisaphan, si Simri, at si Jehiel: at sa mga anak ni Asaph, si Zacharias at si Mathanias:14 At sa mga anak ni Heman, si Jehiel at si Simi: at sa mga anak ni Jeduthun, si Semeias at si Uzziel.15 At pinisan nila ang kanilang mga kapatid, at nangagpakabanal, at nagsipasok ayon sa utos ng hari sa pamamagitan ng mga salita ng Panginoon, upang linisin ang bahay ng Panginoon.16 At ang mga saserdote ay nagsipasok sa pinakaloob ng bahay ng Panginoon, upang linisin, at inilabas ang lahat na dumi na kanilang nasumpungan sa templo ng Panginoon. At kinuha ng mga Levita upang ilabas sa batis ng Cedron.17 Sila nga'y nagpasimula na mangagpakabanal nang unang araw ng unang buwan, at nang ikawalong araw ng buwan ay nagsiparoon sila sa portiko ng Panginoon; at kanilang itinalaga ang bahay ng Panginoon sa walong araw; at sa ikalabing anim na araw ng unang buwan ay kanilang niwakasan.18 Nang magkagayo'y kanilang pinasok si Ezechias na hari, sa loob ng palasio, at kanilang sinabi, Aming nilinis ang buong bahay ng Panginoon, at ang dambana ng handog na susunugin, pati ng lahat na kasangkapan niyaon, at ang dulang ng tinapay na handog, pati ng lahat na kasangkapan niyaon.19 Bukod dito'y lahat na kasangkapan, na inihagis ng haring Achaz sa kaniyang paghahari, nang siya'y sumalangsang, aming inihanda at itinalaga, at, narito, nangasa harap ng dambana ng Panginoon.20 Nang magkagayo'y si Ezechias na hari ay bumangong maaga, at pinisan ang mga prinsipe ng bayan, at sumampa sa bahay ng Panginoon.21 At sila'y nagsipagdala ng pitong baka, at pitong tupa, at pitong kordero, at pitong kambing na lalake, na pinakahandog dahil sa kasalanan sa ikagagaling ng kaharian, at ng santuario, at ng Juda. At siya'y nagutos sa mga saserdote na mga anak ni Aaron na ihandog ang mga yaon sa dambana ng Panginoon.22 Sa gayo'y kanilang pinatay ang mga baka, at tinanggap ng mga saserdote ang dugo, at iniwisik sa dambana: at kanilang pinatay ang mga tupa, at iwinisik ang dugo sa ibabaw ng dambana: pinatay rin nila ang mga kordero, at iniwisik ang dugo sa ibabaw ng dambana.23 At kanilang inilapit ang mga kambing na lalake na pinakahandog dahil sa kasalanan sa harap ng hari at ng kapisanan; at ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga yaon:24 At mga pinatay ng mga saserdote, at sila'y nagsigawa ng isang handog dahil sa kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng mga yaon sa ibabaw ng dambana, upang itubos sa buong Israel: sapagka't iniutos ng hari na ang handog na susunugin at ang handog dahil sa kasalanan ay gagawin para sa buong Israel.25 At kaniyang inilagay ang mga Levita sa bahay ng Panginoon na may mga simbalo, may mga salterio, at may mga alpa, ayon sa utos ni David, at ni Gad na tagakita ng hari, at ni Nathan na propeta: sapagka't ang utos ay mula sa Panginoon sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta.26 At ang mga Levita ay nagsitayo na may mga panugtog ni David, at ang mga saserdote na may mga pakakak.27 At si Ezechias ay nagutos na maghandog ng handog na susunugin sa ibabaw ng dambana. At nang ang handog na susunugin ay pasimulan, ang awit sa Panginoon ay pinasimulan naman, at ang mga pakakak, pati ang mga panugtog ni David na hari sa Israel.28 At ang buong kapisanan ay sumamba, at ang mga mangaawit ay nagsiawit, at ang mga manghihihip ng pakakak ay nangagpatunog; lahat ng ito ay ipinagpatuloy hanggang sa ang handog na susunugin ay natapos.29 At nang sila'y makatapos ng paghahandog ang hari at ang lahat na nakaharap na kasama niya ay nagsiyukod at nagsisamba.30 Bukod dito'y iniutos ni Ezechias na hari at ng mga prinsipe sa mga Levita na magsiawit ng mga pagpuri sa Panginoon sa pamamagitan ng mga salita ni David, at ni Asaph na tagakita. At sila'y nagsiawit ng mga pagpuri na may kasayahan, at kanilang itinungo ang kanilang mga ulo at nagsisamba,31 Nang magkagayo'y sumagot si Ezechias na nagsabi, Ngayo'y nagsitalaga kayo sa Panginoon, kayo'y magsilapit at mangagdala ng mga hain at mga handog na pasalamat sa bahay ng Panginoon: At nagdala ng mga hain at ng mga handog na pasalamat ang kapisanan; at lahat ng may kusang kalooban ay nagsipagdala ng mga handog na susunugin.32 At ang bilang ng mga handog na susunugin na dinala ng kapisanan, pitongpung baka, isang daang tupang lalake, dalawang daang kordero: lahat ng mga ito ay pinakahandog na susunugin sa Panginoon.33 At ang mga bagay na itinalaga ay anim na raang baka at tatlong libong tupa.34 Nguni't ang mga saserdote ay naging kakaunti, na anopa't hindi nila malapnusan ang lahat na handog na susunugin kaya't tinulungan sila ng kanilang mga kapatid na mga Levita, hanggang sa natapos ang gawain, at hanggang sa nangagpakabanal ang mga saserdote; sapagka't ang mga Levita ay matuwid ang puso na mangagpakabanal na higit kay sa mga saserdote.35 At ang mga handog na susunugin naman ay sagana, pati ang taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at pati ang mga handog na inumin na ukol sa bawa't handog na susunugin. Sa gayo'y ang paglilingkod sa bahay ng Panginoon ay naayos.36 At si Ezechias ay nagalak, at ang buong bayan, dahil sa inihanda ng Dios ang bayan: sapagka't ang bagay ay biglang nagawa.” (2 Cronica 29:1-36) Nakamit ni haring Ezechias ang pagkasuno-sunod ng mga pangyayari , binuksan niya ng templo, dinala ang mga pari at ang mga Levita, dinalisay at nilinis ang templo, at gumawa ng tipan sa Diyos, pinangunahan ang pagsamba sa Diyos sa paghahain ng handog para sa ipagpapatawag ng kasalanan at handog na sinunog at ang pagsamba ay natapos sa pagsiyuko sa Diyos, “28 At ang buong kapisanan ay sumamba, at ang mga mangaawit ay nagsiawit, at ang mga manghihihip ng pakakak ay nangagpatunog; lahat ng ito ay ipinagpatuloy hanggang sa ang handog na susunugin ay natapos.29 At nang sila'y makatapos ng paghahandog ang hari at ang lahat na nakaharap na kasama niya ay nagsiyukod at nagsisamba.30 Bukod dito'y iniutos ni Ezechias na hari at ng mga prinsipe sa mga Levita na magsiawit ng mga pagpuri sa Panginoon sa pamamagitan ng mga salita ni David, at ni Asaph na tagakita. At sila'y nagsiawit ng mga pagpuri na may kasayahan, at kanilang itinungo ang kanilang mga ulo at nagsisamba.” (2 Cronica 29:28-30)

Sa aking Mahal at Minamahal: Mula sa pagkilos ni Ezechias iyong matutunan na kailangan mong linisin ang iyong buhay mula sa mga dios diosan, dayuhang mga diyos, at pagsasagawa na salungat sa Salita ng Diyos, “5At sinabi sa kanila, Dinggin ninyo ako, ninyong mga Levita; ngayo'y mangagpakabanal kayo, at italaga ninyo ang bahay ng Panginoon, ang Dios ng inyong mga magulang, at ilabas ninyo ang dumi mula sa dakong banal.” (2 Cronica 29:5) Itapon ang lahat ng mga dios diosan at mga kasalanan tungkol sa nauna nating sinalita kanina. Labanan ang mga tukso ng diablo gaya ng ginawa ni Jesus: “8 Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila:9 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako.10 Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.” (Mateo 4:8-10) Huwag matukso sa makamundong mga kasiyahan at mga nakikita na nakapalibot sa iyo sa lahat ng kanilang mga dios diosan. Ang lahat ng mga ito ay walang halaga at naglalaho. Huwag manikluhod sa at sambahin sila sapagkat sila’y pupunta sa impierno. Sipain ang diablo palabas sa iyong buhay at sabihin sa kanya, lumayo ka mula sa akin sa pangalan ni Jesus, Ako’y maglilingkod at sasamba kay Jesus lamang.

“Mga anak ko, huwag kayong mangagpabaya: sapagka't pinili kayo ng Panginoon upang magsitayo sa harap niya, upang magsipangasiwa sa kaniya, at kayo'y maging kaniyang mga tagapangasiwa, at mangagsunog kayo ng kamangyan.” (2 Cronica 29:11) Sa aking epirituwal

na mga anak na lalaki at mga anak na babae, sa aking kapatiran, sa mga disipolo ni Jesus, huwag magpabaya, ikaw ay pinili ng Diyos. Kaya kailangan mong pabanalin ang buhay para mabuhay para sa Panginoon at magsitayo sa harap Niya, upang maglingkod sa Kanya, upang paglingkuran ang iba, upang kunin ang iba mula sa apoy, para magebnaghelyo at gumawa ng bagong mga disipolo, sa gayon ang iyong pagsamba at paninikluhod sa Kanya sa Kanyang paanan ay buong pagpapasailalim sa Kanyang kalooban, at sa buong pagtitiwala at pagsamba sa Kanya.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong malinaw na Salita sa akin, at salamat para sa iyong pagsaway at sa pagtutuwid na aking tinanggap mula sa iyong Salita.

Lumapit ngayon sa Panginoon at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalnan at paglabag at ang mga dios diosan n aiyo pa ring iniingatan at minamahal ng higit kaysa sa Diyos. Linisin ang iyong sarili mula sa lahat ng mga dios diosan at karumihan sapagkat ikaw ay ang templo ng Diyos.

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan. Panginoon akinng itinatapon ngayon ang lahat ng sumusunod na mga dios diosan.

Bigyan ako ng pagpipigil sa sarili upang patuloy na labanan ang diablo at ang mga tukso nito. Panginoon tanggaping akong muli, akoy bumabalik sa iyo, linisin ng banal na dugo ni Jesus at sa malinaw na pagiisip sa pagbabalik upang maglingkod sa iyo, naninikluhod sa iyong paanan, nakikinig at nagbabantay sa iyong mga kautusan at mga tagubilin. Panginoon handa akong tumayo sa harap mo, magministerio at maglingkod sa iba para sa iyong pangalan. Panginoon ibalik mo ako sa iyong paglilingkod at ministerio.

Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa lahat ng aking kapatiran na nagsisi at bumalik sa iyo. Panginoon puspusin mong muli sila ng Banal an Espiritu at gamitin sila na manindigan para sa iyo at upang manalangin at abutin ang iba at maglingkod sa iba, at tulungan sila upang ikaw ay makilala, sumunod sa iyo at maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at tulungan kami na magpatuloy na abutin ang mga tao lalo na ang mga napunta sa maling landas at ginawa ang kanilang sariling kagustuhan, upang tulungan sila, at akayin sila sa mulimh pagbabago upang lumapit sa iyo, itapon ang kanilang mga dios diosan at magsimulang muli na maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kami na abutin ang bagong mga tao, upang magebanghelyo at gumawa ng bagong mga disipolo, Panginoon dagdagan mo ang mga manggagawa sa amin at tapat na mga lingkod mo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagbig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com